

7. Magkano ang tinatayang paunang kapital sa vermicomposting?

Sa mga magsisimula, ang 1 kilong bulate ay nagkakahalaga ng P 800.00 (1000 piraso) at P360.00 sa kada lagayan (wormbin). Sa loob ng anim na buwan, ang unang 1000 bulate ay magiging 30,000 o sa kada isang bulati ay magiging 30 makaraan ng anim ng buwan. Makakagawa rin ng 220 kilo ng vermicompost. Ang paunang puhunan ay inaasahang dodoble sa loob pa lang ng isang buwan.

8. Anu-anong mga ahensya ng pamahalaan ang maaring magbigay ng pagsasanay at karagdagang kaalaman ukol sa *vermicomposting* at *vermiculture*?

8.1 Agricultural Training Institute-Region IVA,
UPLB, College, Laguna
Email address: atintc_uplb@yahoo.com
Website: ati4a.da.gov.ph
Tel. no.: (049)536-3263
Fax no. : (049)536-5600
Contact person: Dr. Alene Solitario
Agriculturist II

8.2 Bureau of Plant Industry
Los Baños National Crop Research and
Development Center
Email address: bpi_eg05@yahoo.com
Tel. no.: (049)536-7931; 536-0285;
536-6462
Fax no.: (049)536-0104
Contact person: Mr. Joel Adorada
Agriculturist II

Lubos na nagpapasalamat ang ATI-Region IVA sa ATI-Central Office (AKMD) sa pagpaparami ng polyetong ito at sa BPI-LBNCRDC na kinuhanan ng mga mahahalagang impormasyong napapaloob sa polyetong ito.



Department of Agriculture
Agricultural Training Institute-
Region IVA
UPLB, College, Laguna
AKMS Publication
Copyright 2007

LEAFLET NO.2-2007

*Agricultural Training Institute-
Region IVA, UPLB, College, Laguna*



*Ako si Eugene, ang inyong
Kaibigang Bulati*

African Nightcrawler
(*Eudrilus euginae*)

Tel: (049)536-3263 o 536-5600 (fax)
atintc_uplb@yahoo.com
<http://ati4a.da.gov.ph>

1. Sa anong paraan ang mga bulate ay makakatulong sa mga magsasaka?

Pinabibilis ng mga bulate ang pagbubulok ng mga dayami at iba pang mga materyales na nabubulok upang gamiting organikong pataba. Ang tawag dito ay **"VERMICOMPOSTING"**.

Ang pagpaparami ng bulate (fresh o processed) ay tinatawag namang **"VERMICULTURE"**.

Ang mga pinrosesong mga bulate na ginagawang pakain sa mga hayop at isda ay tinatawag na **"VERMIMEAL"**.

2. Anu-anong uri ng bulate ang maaring gamitin sa paggawa ng organikong pataba (vermicomposting)?

Red Wiggler, red tiger, red worms, blue worms at African nightcrawlers (*Eudrilus euginae*). Ang *African nightcrawlers* ay isa sa mga inirerekomendang uri ng bulate na angkop sa Pilipinas.




3. Anu-ano ang mga kabutihang naidudulot ng paggamit ng vermicompost?

- Mapanatili ang tubig at sustansya ng lupa
- Mas nagiging buhaghag ang lupa at mas madali ang pag-uugat ng halaman
- Iniiwasan ang pagkakabitak-bitak ng lupa
- Nadadagdagan ang sustansya ng lupa (micronutrients)
- Pinadadami ang mga kaibigang micro organismo sa lupa

4. Anu-ano ang maaaring isama sa paggawa ng vermicompost?

Mga dumi ng hayop tulad ng kalabaw, kabayo, kambing at iba pa. Maaari ding gamitin ang mga dayami, dahon ng kakawati, mga pinagtabasan ng gulay at mga nabubulok na gulay, pinaglagarian (sawdust) at pira-pirasong papel.



5. Anu ano ang mga dapat isaalang-alang sa paggawa ng vermicompost?

- Dapat ay may tamang dami ng bulate. Pagdami ng bulate, pagbilis din ng pagbubulok.

- Dapat ang damong gagamitin ay di pa magulang (nasa yugto ng pagdadahon) pa lamang kung ito ay pipinuhin sa pamamagitan ng manwal na pamamaraan nguni't kung gagamit ng makina ay maaring kahit magulang na.

- May tamang tubig ang mga "substrate" o ang mga materyales na binubulok. Kailangang diligan ang "substrate" at panatiling basa. Kung pipigain ito at mas kaunti pa sa 10 patak ng tubig, nangangahulugang kailangan na itong diligin.

- May tamang pagkakabulok (decomposition). Ang "substrate" ay kailangang malambot .

6. May pagkakaiba ba ang pamamaraan ng paggamit ng vermicompost at inorganikong pataba?

Walang pagkakaiba sa pamamaraan ng paglalagay ng vermicompost at inorganikong pataba.

7. Gaano kabisa ang paggamit ng vermicompost?

Ang mga halamang talong, repolyo, cauliflower, kamatis, sibuyas, pipino, sitao at okra ay maaring gamitan ng vermicompost. Napatunayanang pareho at nakahihigit pa ang bisa nito kumpara sa inorganikong pataba.

Ang inirerekomendang dami ng vermicompost sa kada isang halaman ng talong ay tatlong (3) kilo maging sa sili, apat (4) na kilo para sa isang halaman ng sitao at dalawang (2) kilo sa okra.

Kung masusunod ang mga nirekomendang dami, 14 (talong), 72 (sili), 12 (sitao) at 13 (okra) ang maaaning bunga sa kada halaman base sa pananaliksik.